## Pagsasanay sa Araling Panlipunan

Pangalan ______________________________ Petsa _______________ Marka _____

### Mga Bayani ng Pilipinas

Isulat sa patlang ang titik ng bayaning inilalarawan sa bawat bilang.

| | | |
|---|---|---|
| A. Gregorio del Pilar | F. Apolinario Mabini | K. Jose Rizal |
| B. Emilio Aguinaldo | G. Marcelo H. Del Pilar | L. Melchora Aquino |
| C. Jose Burgos | H. Emilio Jacinto | M. Antonio Luna |
| D. Miguel Malvar | I. Simeon Ola | N. Mariano Gomez |
| E. Graciano Lopez Jaena | J. Andres Bonifacio | Ñ. Lapulapu |

_____ 1. Siya ay kilala bilang *Utak ng Katipunan*. Siya ang tagapayo at kalihim ni Andres Bonifacio.

_____ 2. Siya ay isa sa huling Pilipinong heneral na sumuko sa mga Amerikano.

_____ 3. Siya ay isang doktor, manunulat, at propagandista na naghangad ng mapayapang reporma. Siya ay ang pambansang bayani ng Pilipinas.

_____ 4. Siya ang kilala bilang *Ama ng Katipunan*. Ang tawag sa kanya ay *Supremo*.

_____ 5. Siya ang pangulo ng Unang Republika ng Pilipinas.

_____ 6. Siya ay datu ng pulo ng Mactan at ang kinikilalang unang katutubong lumaban sa pananakop ng mga Kastila.

_____ 7. Siya ay isang Bikolanong heneral at ang pinakahuling heneral na sumuko sa mga Amerikano.

_____ 8. Siya ang dakilang lumpo na kilala bilang *Utak ng Himagsikang Pilipino*.

_____ 9. Siya ang nagtatag ng *Diariong Tagalog* at kilala bilang dakilang mamahayag ng Kilusang Propaganda.

_____ 10. Siya ay kilala bilang *Tandang Sora*. Tinulungan niya ang mga Katipunerong nakatakas sa mga Kastilang nagpahirap sa kanila.

_____ 11. Siya ang heneral na kilala bilang *Bayani ng Labanan sa Pasong Tirad*.

_____ 12. Siya ay isang heneral na lumaban sa Digmaang Pilipino-Amerikano. Hinirang siya bilang direktor ng digmaan at heneral ng Hukbong Rebolusyonaryo sa pamahalaan ni Emilio Aguinaldo. Itinatag niya ang unang akademyang militar sa Pilipinas.

_____ 13. Siya ay kilala bilang *Dakilang Mananalumpati* o *Prisipe ng Mananalumpating Tagalog*. Isinulat niya ang *Fray Butod* na naglantad ng pagmamalupit ng mga prayleng Kastila.

© 2014 Pia Noche 

## Mga Bayani ng Pilipinas (Mga Sagot)

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. H | 3. K | 5. B | 7. I | 9. G | 11. A | 13. E |
| 2. D | 4. J | 6. Ñ | 8. F | 10. L | 12. M | |

© 2014 Pia Noche